SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 28, 2022, LUNES, IKA-9:58 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad – nasa lakad opisyal |

RELEASED
NAME
DATE 03/11/22
TIME
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

RECEIVED 10 MAR 2022
PUNONG BAYAN OFFICE Sta. Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 213-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 18-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 9-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN SIYAMNAPU'T SIYAM NA LIBO PITONG DAAN LABING DALAWANG PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P299,712.80) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2022 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY PALASAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 18-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 9-T2019 ng Barangay Palasan ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P299,712.80 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2022 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P209,789.96) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P89,913.84) ng Barangay Palasan, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon, (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Regine S. Regalado at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 18-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 9-T2021 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P299,712.80 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2022 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Palasan, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Palasan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 28, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
3/9/22